

1 Ang Aplikasyon Ng Residence Status Para Sa Mga May Problemanag Haharapin Sa Pag-Uwi Sa Sariling Bansa

- (i) Kung kayo ay naninirahan sa ilalim ng permiso bilang “Temporary Visitor” O Pansamantalang Panauhin.
⇒ **Kayo ay mabibigyan ng pahintulot upang mapahaba ang inyong pagtigil nang (90 Siyamnapung Araw)”sa ilalim ng “Temporary Visitor. ”**
- (ii) Kung kayo ay naninirahan sa ilalim ng permiso bilang “Technical Intern Training” o “Designated Activities (Foreign Construction Worker” (No. 32), Foreign Shipbuilding Worker (No. 35)” at nagnanais na muling magtrabaho sa dating gawain.
⇒ **Kayo ay mabibigyan ng pahintulot upang magpalit ng inyong taglay na Bisa o status of residence sa “Designated Activities (6) Anim na Buwan/May pahintulot na magtrabaho)”.**
- (Note 1) Kung kayo ay naninirahan na may pahintulot na taglay sa ilalim ng “Designated Activities (Internship (No. 9), Foreign Manufacturing Worker (No. 42))” at nagnanais na magtrabaho sa parehong institusyon at sa dating gawain, kayo ay tatanggap ng parehong permiso o pahintulot.
- (Note 2) Kung kayo ay nakatanggap ng “Temporary Visitor” o “Designated Activities (6) Anim na Buwan /walang pahintulot magtrabaho)” batay sa (iv) sa ibaba, kayo rin ay karapat-dapat.
- (Note 3) Kung kayo ay naninirahan na may pahintulot na taglay sa ilalim ng “Designated Activities (Summer Job (No. 12))” at nagnanais na magtrabaho sa dating pinapasukan at parehong gawain gaya ng dati, kayo ay mabibigyan ng pahintulot na magpalit ng inyong status of residence sa “Designated Activities (3)Tatlong Buwan, may pahintulot na magtrabaho)”.
- (iii) Kung kayo ay naninirahan na may taglay na pahintulot o status of residence bilang “Student” o Estudyante at nagnanais magtrabaho.
(iv) **Kayo ay mabibigyan ng pahintulot na magpalit ng inyong taglay na bisa o status of residence sa “Designated Activities (Pahintulot na mag Part-time sa loob ng (6)Anim na Buwan, 28 Oras kada Linggo)”.**
- (Note 1) Para lamang sa mga nakapagtapos mula sa isang Institusyong Pang-Edukasyon sa taong January 1, 2020 o pagkaraan.
- (Note 2) Ito rin ay magagamit ng mga nabigyan ng “Temporary Visitor” or “Designated Activities (6) Anim na Buwan/walang pahintulot magtrabaho)” batay sa mga sumusunod(iv).
- (iv) Kung kayo ay naninirahan sa pangkasalukuyan na may taglay na ibang pahintulot o status of residence (iKabilang ang mga kaso sa itaas(ii) at (iii) at wala ng nais magtrabaho)
⇒ **Pahintulot upang magpalit ng status of residence sa “Designated Activities (6)Anim na Buwan,walang permiso na magtrabaho)”.**

*Sa mga Kaso sa itaas(i) hanggang (iv), kayo ay magiging karapat-dapat para mabigyan ng palugit **dahil sa inyong sitwasyon na hindi makauwi sa inyong sariling Bansa..**

2 Aplikasyon para sa Certificates of Eligibility

- ① Ang mga hakbang tungkol sa Bisa ng COE (Certificate of Eligibility)
⇒ **Ang mga COE na karaniwang may Bisa na Tatlong Buwan ay ituturing na may Bisa hanggang Anim na Buwan sa pansamantala.**
- ② Sa mga kasong humihiling matamo na mapalitan ang simula nang kanilang ninanais na aktibidad sa nakabinbin na aplikasyon.
⇒ **Ang pagsusuri ay ibabatay at isasagawa depende sa hayag na dahilan mula organisasyon na tatanggap sa inyo.**
- ③ Sa mga kasong kung saan ang indibiduwal ay magbibigay ng bagong COE, gaya ng kaso na napaso na ang bisang taglay dahil sa paglabas na ng Bansang Hapon at bago bumalik ng Bansang Hapon.
⇒ **Ang pagsusuri ay ibabatay at isasagawa depende sa mga nakasaad sa aplikasyon at mga nakasaad na mga dahilan na inihanda ng organisasyon na tatanggap.**
Tungkol sa (1) hanggang (3), **magagamit ng malawakan para sa mga nagpalit nang mga plano dahilan sa epekto ng COVID-19 na sakit.**

3 Pag-asikaso ng mga Dayuhan sa labas ng Bansang Hapon gamit ang kanilang pahintulot na re-entry habang nag-aplay para sa Paninirahan or residence application

Kung ang isang Dayuhan sa labas ng Bansang Hapon na may pahintulot na re-entry (kasama rin ang Special re-entry permission) ay nakapag-aplay ng pahintulot na magpalit ng Status Of Residence o kaya nakapag-aplay na ng Pagpapahaba ng pagtigil bago lumisan ng Bansang Hapon subalit hindi nakabalik ng Bansang Hapon dahil sa COVID-19, may posibilidad para sa isang kamag-anak na nasa Bansang Hapon o miyembro ng organisasyon na tatanggap sa inyo, etc., na tanggapin ang inyong residence card na may kinalaman sa pahintulot na inyong inaplayan, maaring magamit ng isang Dayuhan na nasa labas ng Bansang Hapon ang pahintulot na re-entry para mag-aplay na makapasok.